
# Pagbuo ng Ating Relasyon sa Diyos

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Pebrero 10, 2024

Ang lahat ng aspeto ng buhay ay may kinalaman sa relasyon. Kung walang relasyon, mamamatay tayo dahil nilikha tayo para makipag-ugnay. Bukod dito, ang tanging paraan upang magkaroon ng tunay na magandang buhay ay ang pagkakaroon ng malalim na ugnayan sa Diyos. Kung tayo ay naka-angkla sa pag-ibig ng Diyos, tayo rin ay kikilos, mag-iisip, at magsasalita ayon sa pamantayan ng Diyos. Makikilala tayo ayon sa kabutihan ng Diyos.



**1. Kwaresma ay panahon ng pagdarasal**. Ito ay panahon ng muling pagtatayo sa mga sinira ng kasalanan at pagpapanumbalik sa mga nawasak. Isa itong panawagan para sa isang pagsama-sama, pagkakaisa, at pagbabalik-loob.

**2. Tinalo ng Diyos ang kasalanan.**

**2.1.** Inilalayo tayo ng kasalanan sa bawat isa, ngunit ang pag-ibig ng Diyos ang muling magbubuklod sa atin. Dahil sa kasalanan, nasira ang ating relasyon sa Diyos. Gayunpaman, ang Kanyang pag-ibig ang naging daan upang hindi tayo lubusang mawalay. Muli Niya tayong tinawag para magsama-sama.

**2.2.** Palaging "tag-gutom" ang puso ng taong napalayo sa Diyos. Ang taong napahiwalay sa Diyos ay nagiging makasarili, at ang inaalala lamang niya ay ang kanyang sariling pangangailangan at kagustuhan.

**2.3.** Ang kakulangan ng pag-ibig ang nagiging dahilan para mapagod ang tao dahil ang taong punong-puno ng pag-ibig ay hindi kailanman napapagod. Lahat ay madali para sa taong nagmamahal; ngunit, sa taong walang pag-ibig, lahat ay mahirap. Nakararamdam ng kakulangan ang tao kung hindi nakaugnay ang kanyang puso sa Diyos.

**3. Kailangan nating bumuo ng isang malalim na relasyon sa Diyos.**

**3.1.** Ang pagbuo ng isang relasyon sa Diyos ay paanyaya sa atin upang magkaroon tayo ng buhay na ganap at kasiya-siya. Ang taong sumusunod sa Diyos ay nagmumukhang bata, maliksi at maganda, dahil ang tunay na kagandahan ay nagmumula sa kalooban.

**3.2.** Ang pagbuo natin ng relasyon sa Diyos ay pagkilala sa hininga Niya sa atin. Nabuo tayo mula sa alabok. Hiningaan tayo ng Diyos kaya nagkaroon tayo ng buhay (Gen.2:7). Ibig sabihin, kung hihiwalay tayo sa Diyos, mamamatay tayo.

**3.3.** Kaya ang taong naka-ugnay sa Diyos ay kikilos, mag-iisip at magsasalita ayon sa pamantayan ng Diyos. Nakikilala ang tao sa kabutihan ng Diyos, nakakikita ayon sa paningin ng Diyos; at naka-aalam at naka-uunawa kung paano ang Diyos umunawa at umintindi. Siya ang taong punong-puno ng kabutihan.

**KONKLUSYON:**

Buksan natin ang ating mga puso sa pag-ibig ng Diyos. Hayaan nating mahalin Niya tayo. Isuko natin ang lahat-lahat sa Diyos, pati ang ating mga kasalanan, pakikibaka at kahinaan. Sa pamamagitan lamang ng Diyos tayo nabubuhay. Nawa ang panahon ng Kwaresma ang magiging daan para bumalik tayo sa Kanya.

**PAGNINILAY:**

1) Paano ang relasyon mo sa Diyos sa yugto ng buhay mo ngayon? Lagi mo pa rin bang hinahanap ang Diyos?
2) Paano nakaka-apekto sa relasyon mo sa kapwa ang pag-ibig ng Diyos? Kapag pinagmamasdan ka ng mga tao, nakikita ba nila ang Diyos sa iyo?

**Scribes Ministry**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
website:https://lordsflock.org/digests
Tags:#Relasyon; #Kasalanan; #Kuwaresma